TAGALOG

فـلـبـيـنـي - (تـجـالـوج)

SUNNAH COLLEGE

# MGA KATURUAN SA PANUNUMPA

# أحكام اليمين

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

**Sarhaan.com – MahadSunnah.com**

**Youtube.com/@MahadSunnah**

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang (Yamin o Qasam) sa wikang arabik ay pagsambit ng isang dakila para sa larangan ng isang bagay, ito rin ay matatawag na panunumpa. Maaaring manumpa gamit ang pangalan ng Allah ﷻ, katulad ng pagsabi ng: “Wallaah, Warrahmaan…”, at pwede rin sa pamamagitan ng katangian ni Allah ﷻ, katulad ng: “Wa Izzatullah wa jalaluhu”.

At ang dahilan sa panunumpa ay upang panindigan at pagbibigay patunay sa isang bagay. At upang mas lubos na paniwalaan ng tao ang taong manunumpa, o kaya naman ay para mas magkaroon ng determinasyon ang taong manunumpa, at pwede rin gamitin ang panunumpa bilang pag-uutos o pagbabawal.

Ating dapat tandaan na ang panunumpa ng madalas ay kinamumuhian sa turo ng Islam, sa sinabi ng Allahﷻ sa Qur’an: “At huwag kang sumunod sa bawa’t taong walang katuturan, labis sa panunumpa”. At sinabi ni Allah: “inyong pangalagaan ang inyong panunumpa”.

Mahigpit na ipinagbabawal sa Islam ang panunumpa maliban sa Allah ﷻ , sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ :“ Tunay na kayo ay pinagbabawalan

ni Allah na manumpa sa inyong mga ninuno, kung sinuman sa inyo ang manunumpa, sya ay sumumpa sa Allah, kundi mas mainam na sya ay manahimik”.

Ang (Yamin) o panunumpa ay iba-iba:

- Mayroong panunumpa para sa isang nakaraan na insidente/balita, at kapag ito ay tugma sa katotohanan ito ang tinatawag na totoong panunumpa, kapag ito naman ay hindi totoo, sya ay matatawag na panunumpang lubog; dahil nalulubog ang tao sa kasalanan hanggat hindi ito hinihingi ng tawad, at kailangan ibalik ang mga karapatan.

- Mayroon namang panunumpa para sa darating na insidente, at ito ay para maging obligado sa ating sarili o sa iba ang paggawa o pag-iwan ng isang bagay; katulad ng pagsabi ng: “Ako ay nanunumpa sa ngalan ni Allah, ako ay pupunta sa taong ito, o ako ay papasok sa bahay ng taong ito”. At ito ang tinatawag na panunumpa na nakasalalay sa ating pagtugon.

- At may panunumpa na walang katibayan at paninindigan, dulot ito ng nakasanayan ng ating dila, mga panunumpa na kung saan hindi para sa mga tunay nitong kahulugan, katulad ng pagsabi ng: “La wallah/ Bala wallah”.

Kung sino ang manumpa, at sya ay mayroong mas mainam na nakikita kesa dito, kanyang gawin ang mas nakakahigit, at pagbayaran ang naunang panunumpa.

Ang ating babayaran lamang ay ating panunumpa sa mga bagay na dapat nating tugunan, hindi sa kung ano ang ating nasasabi dulot ng nakasanayan ng ating dila. Sinabi ni Allah ﷻ sa Qur’an: “Hindi kayo mananagot sa anumang hindi ninyo sinadya sa mga panunumpa, nguni’t kayo ay mananagot sa anumang sinadya ng inyong puso, ang kabayaran nito ay ang pagpapakain ng sampung mahihirap (ayon sa inyong karaniwang pagpapakain sa pamilya) o sila ay inyong damitan, o ang pagpapalaya ng isang alipin. Ngunit sinuman ang walang kakayahang gawin ito; sya ay mag-aayuno ng tatlong araw. Ito ang kabayaran ng inyong panunumpa…”.

Ating matututunan sa talata, kailangan nating pagbayaran ang hindi natin pagtugon sa panunumpa; unang-una tayo ay mamimili sa tatlo:

- Pagpapakain sa sampung mahihirap.
- O pagdadamit sa sampung mahihirap.
- O pagpapalaya ng isang alipin.

At kapag hindi ito kayang gawin, ang kanyang kabayaran ay pag-aayuno ng tatlong araw (mainam na ito ay sunod-sunod).

At kapag ikaw ay nagsabi sa iyong panunumpa ng: “Wallahi ito ay aking gagawin, **InshaAllah** (sa kapahintulutan ni Allah)- ito ay hindi kinakailangan na pagbayaran, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : “Kung sinuman ang manumpa at kanyang sinabi “InshaAllah” (sa kapahintulutan ni Allah); ito ay hindi kailangan pagbayaran kapag hindi natugunan”.

والله تعالى أعلم...